

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

KAPAKINABANGAN SA CELLPHONES SA ORAS NG KALAMIDAD

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～災害時の携帯電話活用法～

Sakali mang magkaroon ng malaking kalamidad tulad ng lindol o bagyo, malamang na magiging abala ang mga cellphone dahil marami ang nais ma-check kaagad ng kaligtasan ng kanikanilang mga pamilya at kakilala. Dahil dito, malamang na ang digital telephone switch ay magkaroon ng malfunction kung sakaling magdadagsaan ang gagamit ng cellphones. Magiging mahirap ang kumunekta sa nais ninyong matawagan. Subalit sakali mang may pabatid na mahirap kumunekta, ay maaari nating magamit ang mga emergency messaging service board o SAIGAIYOU DENGON BAN. Maaari nating magamit ang text mailing sa tulad ng i-mode o ezweb.

Sa pamamagitan ng paggamit ng emergency messaging service board, malalaman natin kung ligtas ang katayuan ng taong nakarehistro ang numero ng telepono. Samantala, kung ang nasalantang tao naman ay ligtas sa kanyang kinaroroonan, maaari rin itong magpadala ng mensahe sa emergency messaging service board tulad ng salitang “BUJI DESU” o “ligtas ako” o maaari pang habaan ang mensahe na hindi lalagpas hanggang 100 letra. Kung alam natin ang numero ng telepono ng taong nasalanta na nagpadala ng mensahe, kahit sino ay maaaring mabasa o malaman ang kaligtasan nito. Sa kasalukuyan ay maaaring magamit ang mga wikang Hapon at Ingles. Tuwing a-uno ng bawat buwan, a-kinse, bosai o disaster prevention week (Agosto 30-Setyembre 5), bousai at volunteer week (Enero 15-21), Enero 1-3 - 11:00am ay mayroong serbisyo na maaari kayong sumubok kung papaano gumamit ng emergency messaging service board.

Kung sakaling out of order ang inyong cellphones, mainam na patayin na lamang ang power nito. Sakali mang hinahanap ng base station ang signal ng inyong cellphone, maraming battery ang nakukunsumo nito sa paghahanap. Kaya't hanggang maaari, sa importanteng bagay lamang gamitin ang power ng cellphones. Mas mainam na bumili rin kayo at maghanda para sa emergency ng battery pack na maaari rin ninyong kailanganin sakali mang mawalan ng baterya ang cellphone.
